www.xtrapapers.com

M12/2/A2PIL/SP2/TGL/TZ0/XX

22122052

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Tuesday 15 May 2012 (morning)
Mardi 15 mai 2012 (matin)
Martes 15 de mayo de 2012 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question. Each question is worth *[30 marks]*.
- The maximum mark for this examination paper is *[30 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition. Chaque question vaut *[30 points]*.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[30 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste a una pregunta. Cada pregunta vale *[30 puntos]*.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[30 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2012

www.xtrapapers.com



*Sumulat ng sanaysay sa **isa** sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural **at/o** opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

**Wika at Kultura**

**1.** Paano mo maipapakita o mailalarawan kung paanong hindi tayo ang panginoon at tagahubog ng wika nang gaya ng inaakala natin? Gumamit ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**2.** Batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, ipakita kung paano nagiging progresibo ang isang pamayanang multilingguwal.

**Medya at Kultura**

**3.** Lagi tayong hinahatiran ng mass media ng mga nilalaman (*content*) na ayaw nating malaman. Ayon sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, gaano ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa pahayag na ito?

**4.** Talakayin kung paanong nakaaambag at/o nakasasagabal ang mass media sa paglikha at pagpapalaganap ng mga isteryutipo. Gumamit ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Panghinaharap**

**5.** Sa iyong pananaw, paano at bakit magbabago sa nalalapit na hinaharap ang mga kagawian natin sa pagbibiyahe at paglalakbay? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Pandaigdig**

**6.** Batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, may mga solusyong global ba para sa mga problema ng prehuwisyo (*prejudice*) sa mundo?

**Mga Isyung Panlipunan**

**7.** Ano ang pinakamainam na paraan para tulungan ang mga dukha sa isang lipunang pamilyar sa iyo? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

www.xtrapapers.com



**Mga Tanong Panliteratura**

**8.** Sa panitikan, lagi nating nakikita ang paghahangad ng tao na kalabanin at lampasan ang mga puwersang higit na makapangyarihan kaysa kanya. Ipaliwanag ang kaisipang ito batay sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**9.** Sa mga tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito, ipakita kung paanong ang isang bagay na animo'y walang halaga ay nagkakaroon ng kahulugan at importansiya. Sa iyong sagot gumamit ng mga halimbawa mula sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**10.** Sa paanong mga paraan nabago ng mga akdang pampanitikan na iyong napag-aralan ang iyong pagtanaw sa sarili o sa mga nakapaligid sa iyo? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.